

Ano ang posisyon ng Islam tungkol sa karapatan ng mga magulang at kamag-anak?

"At nagtakda ang inyong Panginoon na kayo ay sumamba sa Kanya lamang at gumawa ng kabutihan sa inyong mga magulang. Kung ang isa sa kanila o kapwa sila ay umabot sa katandaan sa piling ninyo, huwag magsabi sa kanila ng 'uff' ni sigawan sila, kundi magsalita sa kanila ng magalang na salita." [246] (Al-Isra: 23-24).

"At Aming itinagubilin sa tao ang gumawa ng kabutihan sa kanyang mga magulang. Dinala siya ng kanyang ina ng may kahirapan at siya ay isinilang ng may kahirapan. At ang kanyang pagdadalang-tao at pagpapasuso ay tatlumpung buwan. Nang siya ay umabot sa kanyang ganap na kalakasan at umabot sa apatnapung taon, sinabi niya, 'Panginoon ko, pag-utusan Mo ako na magpasalamat sa Iyong biyaya na Iyong ipinagkaloob sa akin at sa aking mga magulang, at upang ako ay makagawa ng mabuting gawang Iyong kinalulugdan, at gawing matuwid ang aking mga anak. Tunay na ako ay nagsisisi sa Iyo, at ako ay isa sa mga Muslim.'" [247] (Al-Ahqaf: 15).

"At ibigay ang kanilang karapatan sa mga kamag-anak, at sa mga mahihirap, at sa mga naglalakbay. At huwag maging magwaldas." [248] (Al-Isra: 26).

سؤال وجواب حول الإسلام

المصدر: <https://nwahy.com/qa-islam/tl/94/>

Arabic المصدر: <https://nwahy.com/qa-islam/ar/94/>

Thursday 21st of May 2026 11:52:19 PM